


I TAON.

BILANG 1.

BANGON...

PAHAYAGANG TAGAPAMATNUGOT NG "KALIPUNAN
NG MGA KAPISANAN SA RIZAL."

ILINALATHALA TUWING KALAHATIA'T KATAPUSAN NG BAWA'T BUWAN.



(Courtesy of Philippine Education.)

Dr. JOSE RIZAL

Ipinanganak: 19 Junio, 1861.

Nakatapos ng pagbabachiller: Marzo, 1877.

Tumanggap ng pagka doctor sa Filosofia y Letras at sa Medicina: Junio, 1885.

Ilinathala ang kanyang NOLI: Marzo, 1887.

Iपालिम्बाग अंग कयान्ग म्गा पान्सा sa SUCESOS ni Morga: 1889.

Inihayag ang huling aklát niyang FILIBUSTERISMO: Septiembre 1891.

Pasig, Rizal, ika 15 ng Pebrero ng 1909.

Mga nilalamán.

- 1.—“Mga pangunang salita.” 2.—“Ang aming bati.” 3.—“Ang inyong sagisag,” tula ni S. A.
- 4.—“Nuestros propósitos,” ni Laan-Lagui.
- 5.—“Nuestro saludo.” 6.—“Ang Pagbabasa,” ni Mithing-Takatak.
- 7.—“De Educación.” 8.—“Bagong Pangasiwaan.” 9.—“No such thing as Age,” ni Pilaceli.
- 10.—“El Lincoln Day,” ni El Ermitaño del Pasig.
- 11.—“Kasaysayan ng pagkapagtatag ng Kalipunan,” ni Gat-Irog.
- 12.—“¡¡Binatang Pabayal!,” tula ni Leonardo A. Dianzon.
- 13.—“Nueva Junta Directiva.” 14.—“Karapatan at Pag-ibig,” ni F. Laksamana.
- 15.—“Bayad-Utang,” ni Alfredo S. Herrera.
- 16.—“Carta abierta,” ni Servando de los Angeles.
- 17.—“Paunawa.” 18.—Ugaling dapat ilagan.” 19.—“Noli me Légere,” ni I. A. Amado.
- 20.—“Our Postal Service.” 21.—“Mga hatol na mahahalaga.”

Mga bunnubuo ng pasulatan

Tagapamahala. G. CELESTINO CHAVES.

Mga mamunulat

- G. ISMAEL AMADO.
- „ LEONARDO A. DIANZON.
- „ SILVESTRE APACIBLE.
- „ JORGE MARIANO.
- „ ALFREDO S. HERRERA.
- „ PEDRO C. JABSON.
- „ JOSÉ S. HILARIO.
- HONORIO MUSNI.
- „ JERÓNIMO ANGELES.

Mga katulong

- G. LOPE K. SANTOS.
- FAUSTINO AGUILAR.
- „ SERVANDO DE LOS ANGELES.
- „ AMBROSIO FLORES.
- „ FERNANDO CARRUNCHO.
- „ FRANCISCO KINTOS.
- „ FRANCISCO LAKSAMANA.
- „ IÑIGO ED. REGALADO.
- „ CARLOS RONGKILYO.
- „ GREGORIO FLORES.
- „ CATALINO SEVILLA.

Mahahalagang Paunawa

Halagá ng pagpapadalá: ISANG PESETA ISANG BUAN.

Kung ipagpapauna ang bayad sa tatlong buan. ISANG SALAPI.

Ang mga palathala'y sa halagang pagkakasunduan.

Pangasiwaan, daang Castillejos bilang 19, Kyapo, Maynila.

Ang mga liham na nauukol sa tagapamahala ng pahayagang ito'y mangyaring ipabatid sa bayan ng San Pedro Makati, Rizal.

VINO FERRO NUTRITIVO

DE LOS

Ldos. C. Fernandez y L. Antonio.

Mabuti sa kakulangan ng dugo, bagong panganak, at nagbibigay gana sa pagkain.

FARMACIA MODERNA, Malabon, Rizal.

Depósito —Manila.

Farmacia Barcelon.

PATRICIO ARANDA

SASTRE

Confecciona toda clase de trajes á la última moda.

Precios muy económicos.

Jahoneros No. 111, S. Nicolas.

BANGON...

PAHAYAGANG TAGAPAMATNUGOT NG "KALIPUNAN NG MGA
KAPISANAN SA RIZAL."

ILINALATHALA TUWING KALAHATIA'T KATAPUSAN NG BAWA'T BUWAN.

I TAON.

Pa'sig, Rizal, ika 15 ng Pebrero ng 1909.

BILANG I.

Mga pangunang salita

Pagkaraan nang di gagaanong pagsusu-makit ay sumilang din ang dukha at munting pahayagang itong ipinagkakapuring ihandog sa mga kababayan ng "Kalipunan ng mga Kapisanan sa Rizal."

Sa mga panahong dinaranas ngayon nang Inang Bayan,—panahon ng pag-usig nang banal niyang katwiran sa loob nang wagas na kapayapaan—kinakailangang ang lahat at bawa't isa sa ati'y makaunawang magaling ng mga karapata't katungkulang taglay di lamang sa pagkatáo, kundi naman sa pagkamámamayan, at matutong guma mit at gumanap doon, upang sa paraang ito'y lalong makapaglingkod nang karapat dapat sa ikasusundo nang maalab at dakilang mithi nang kalahatan

Ang marangal na pagpapatulo nang pawis, ang maningas na pag-ibig sa trabahong ipinagkakapuri nang táo, naghahatid ng pagka asulong at naglilikmo sa mga bayan sa taluktok nang kaginhawahan, ay hangad naming matanim na parati sa isip ng mga kababayan; samantalang tinutungali naman ang masasamang hilig na nagbubunga nang mapapait na hanga sa kapalaran ng mga táo.

Ibububo namin sa mga tudling ng BANGON ang dalisay na katás nang aming kaya alang-alang sa ikamumulat ng isip ng mga karugo, lalong lalo na ng mga nagkapalad na ianak sa pook na ito nang Sangkapu luan, pagka't sa bayang ang katalinuha'y laganap ay di makalalago ni makapanantili ang paghabariharian, ang pagsamantala sa kapalagayang loob ng mga aba upang masiyahan ang imbing kasakimán ng sarili, mga bagay na pumapatay sa magagandang

panukala at humahadlang sa agos ng tunay na pagkakasulong.

Sa pagpapahayag ng aming damdamin sa bayang kinakaharap, ay minamatamis naming mangusap sa wikang sariling kinagisnán, sa wikang ipinagmalaki ni Lakan-dula noong mga bago mag-apat na raang taón, upang ang mga tibok ng aming puso'y madama hangan sa kakublikublihang dampá ng maralitang tagabukid na higit sa lahat ay nangangailangan at may karapatang humingi ng kaunting liwanag na makatataglaw sa madilim nilang kabuhayan. Wikang tagalog nga ang sadyang gagamitin ng pahayagang ito, bagaman maglalathala rin ng mga salaysay na wikang kastila ó inglés na tumutugón sa aming mga layon, at upang maipatalastas doon sa mga hindi namin kawika ang mga hangad na bubuko sa aming loob.

Wala kami ng pinaglilingkurang ano mang pangkating bayan ni kinakatigang pananampalataya sa madlang umiiral ngayon; datapwa't hindi ibig sabihin nitong kami'y maghahalukipkip at di makikialam sa mga bagay na nahihingil sa pamamayan, na ano pa't ipagmamasakit namin ang mga tunay na kalooban ng bayang siya lamang dapat poonin, at ipangngibabaw sa lahat ang dakila niyang mga pangangailangan. Dahil dito'y babakahin namin ng walang sawa ang mga likong palakad, ang mga kapaslangán at kalabisán, saan man at kangino man mangaling, ang mga panglililang at pagtawag sa bayan pagka nangangailangang mabusóg ó nagpipitang mailigaw ito sa matwid na dang kanyang tinutumpá.

Ang mga adhikang ito ang siyang papat-

nubay na lagi sa aming paglakad. Kinikilala naming napa'abigat ang tungkuling ti kis naming niyayakap ngayon, at maha'at nasasabugan ng tinik ang landás na tata-laktakin sa ikagaganap ng mga layong aming pinaparaluman; nguni't ang pa'didilidili ni to'y siyang lalong nagpapatibay ng aming pananalig sa pagwawagi, at pinapa'niningas ang aming puso ng mga halimbawang ibinibigay ng magiging na anak ng tinubuang lupa. Sa aming diwa'y hindi makakatkat yaong mga mahal na wika ni Rizal: "na ang tagumpay ay anak ng pakikibaka, na ang katwaa'y siyang bulaklak ng maraming pagtitiis at kasalatan, at alin mang katubusa'y nagpapalagay ng mga kasakita't "pagkaamis."

Harinangang ang BANGON ay maatulong din sa ikamumulat ng kabataan ngayong sa kinabukasa'y bubuo ng isang Bayang maganda, matalino, mayaman, malakas at malaya.



Ang aming bati

Inihahandog namin sa boong bayang pilipino, lalo na sa lalawigang Rizal, na pinag-uukulan ng boo naming mga pagsisikap, at sa pamahalaa't mga may kapangyarihang natatatag, na ninanais naming matulungan ng maralita naming kaya sa ikalalaganap ng pagkakasulong sa lupaing ito.

At kayo, mga giliw na kapatid sa pamamahayag, tangapin ninyo ang mahigpit naming pakikikamay, kalakip ang samong marapatin ang pakikipagpalit na ngayo'y sinisimulan ng aming dukhang pahayagan.



Ang inyong sagisag

(Handog sa "Kalipunan ng mga Kapitanan sa Rizal.")

Ang sagisag ninyo'y napakadakila kung dito rin lamang sa balat ng lupa; may tungkulin kayong kumilos, gumawa, at di kaylan ma'y magwalang bahala. Pag ang ating Baya'y nagtuloy naabá dahil sa inyong pagpapaubaya, kayo'y di Samahan kundi mangigiba.

Na sa inyo ngayon ang magiging palad ng lahing tagalog sa araw ng bukas. Yaong laong mithi at panapangarap na mula-mula pa'y ating tinutuklas, siyang papilitang lubos ng maganap at pamuhunanan ng dunong at sipag o kung kailanga'y ng tapang at lakas.

Ang sariwang puso't binatang katawain ay di sumusuko saan mang labanan; at kayá masabing nagiging talunan ay kung naroon na sa libinang hukay; nguni't habang kayo'y may ingat na buhay ay may tungkulin nang di dapat limutan: mahalin ang bayan hangang sa mamatáy.

Kayo'y mga sibol sa bagong panahon at ang bagong tao'y hindi umuurong, tingala ang mukha at sulong ng sulong pagpuri ng bayan ang ibinabangon. Hindi alintana ano mang lingatong at tumatayang pa ng higit sa leon pag-nasa matuwid ang pinaghahabol.

Kayo'y mga anak ng Bayan ni Rizal, ng Bayang maruonang msgr. ngol ng dangal; ng Bayang kahapo'y di nag-alinlangang maghubo ng dugo't maghain ng buhay, sapagka't noon pa'y may inaasahang mga kabataang ngayon nga'y lilitaw na pang bayani't ganap ang isipan.

Kayo ang pag-asa, inyong gunitain, ng mga bayaning kahapo'y nalibing; ang minithi nila'y siya ring mithiin, pagka't sil'ang ugat at kayo ang supling. Talaga nang ganyan ang ating dandamin: walang pagkasugpo, buhay at buhay din datnan ma't panawan ng sigwa o lagim.

Katayuan ninyo'y di isang bulaklak na sa munting haagi'y agad nalalagas; hindi rin salaming kailanga'y ingat na sa bungo lamang ay napababasag. Kayo'y mga tao, may buhay, may utak, may puso, may dibdib at di nagugulat maging sa kulog man, buhawi o kidlat.

Ang kabinataang walang hinahari kundi ang katwiran ng sariling lahi; at baw't magasang siya'y ilugami ay tinututulang walang kimi-kimi. Ang kadalisan ng ingat na budhi sa lahat ng bagay ay inuugali at marangal naman kung makitugali.

Ganyan ang tuntunin, iyan ang sagisag ng kabinataan sa kanyang paglakad; hindi tumitigil, hindi naglilika't at buhay na lagi ang kanyang pangarap. Walang minimithi, walang hinahangad kung di makasapit sa pook na patag at maiwagayway ang kanyang WATAWAT.

S A.

Pebrero, 1909.

Nuestros propósitos

Salimos hoy á la luz pública con una nota de dolor: el proceso del colega *El Renacimiento*, periódico más popular en el Archipiélago Filipino.

A nosotros que nos proponemos más especialmente contribuir con nuestras escasas fuerzas á la instrucción del pueblo de nuestra provincia, y á ser la voz de la juventud de la misma y el órgano de la "Confederación de Asociaciones de Rizal," no se nos oculta cuán difícil es alcanzar la realización de los fines que perseguimos, superior á nuestros esfuerzos, y los sinsabores que origina la obligación que nos hemos impuesto. Deseamos que la juventud de hoy, que será el hombre y el ciudadano de mañana, se encamine por el buen sendero; deseamos que las masas de nuestra provincia se instruyan, se dignifiquen y conozcan sus deberes y derechos como hombres y como ciudadanos; y consecuentes con estos deseos nos hemos impuesto también la obligación de combatir los vicios y los males que corroe al pueblo filipino y en especial á esta provincia, y de señalar errores, y de censurar y denunciar abusos no importa de donde procediesen.

Sin embargo, compenetrados como estamos de los abrojos que en el camino de este apostolado se encuentran, pensamos más en el triunfo, confiados en la legitimidad de nuestras santas aspiraciones, y alentados por el ejemplo de civismo y resignación en escalar calvarios que nos vienen dando ilustres hermanos en el Ideal. Nosotros que pertenecemos á esa legión de jóvenes que fueron criados al calor de la densa atmósfera producida por las luchas en reivindicación de los legítimos derechos del pueblo filipino, no ignoramos que "el triunfo es hijo de la lucha, que la alegría es la flor de muchos sufrimientos y privaciones y toda redención supone martirios y sacrificios." Además, no contando con otros medios que nuestra firme y decidida voluntad, hubimos de tropezar con grandes dificultades de carácter económico para llevar á cabo la idea de esta publicación; y sólo á grandes esfuerzos

conseguimos darle forma en esta humilde revista en la que arrostrando desfavorables contingencias, nos propondremos trabajar por lo que de buena fé creemos ha de servir para el bien de la Pátria en general y de esta provincia en particular.

LAAN LAGUI.



Nuestro saludo

Se lo enviamos al pueblo filipino, especialmente á la provincia de Rizal, por el cual nos proponemos trabajar con fé, y al gobierno y á las autoridades constituidos, á quienes deseamos coadyuvar dentro de nuestros limitados esfuerzos, por el bienestar y progreso de la Pátria.

Reciba también la Prensa nuestro más cordial saludo, con el voto ferviente por que la solidaridad reine siempre entre los compañeros en la brega periodística, solicitando al mismo tiempo el cambio correspondiente que desde hoy establecemos.



Ang pagbabasa

Ngayóng m̄ga panahong itó na kasalukuyang nagsilpot-silpót ang m̄ga aklát na babahín at m̄ga pahayagáng natatatág at itinatatag pa, ay ninanais naming tumukoy hingíl sa kapakinabangang natatamó sa wastong pagbabasá. Sa aming pagdulit ngayon sa kapakinsbangang iyan ay hindi namin pakay ang hikayatin pa ang m̄ga matatalino na at m̄ga nabubuyó uang kasalukuyan sa gawáng pagbasa; kung di iyáng bayang mangagawà na ginagamit ang kanilang nálalabing panahón sa m̄ga paglilibang na kung minsa'y ikinapaparoól nila sa hidwáng pamumuhay, iyang m̄ga magulang na pinababayaan ang kani-kanilang m̄ga anák na lumaodlaod sa boong maghapon at iyáng m̄ga mawilihín pa sa pagbabasá ng m̄ga awit at "kurido" na payak na naglalarawan nang m̄ga likhá lamang ng pangarap at m̄ga pamahiing itinatáwa tuloy sa atin ng m̄ga bayang bihasa.

Hindi na lingid marahil sa tanang kababayan naming nilalaanan ng buo naming kaya at pagsisikap, na ang wastong pagbabasa ay ganap na mithi ng mga pag-iisip, gaya rin naman ng pagkakamithi ng mga punong kahoy sa daloy ng tubig, palibhasa'y ang tubig ang siyang naghibigay buhay sa mga punong kahoy at panggising naman sa mga isipan nng mga nababasa; nguni't sa pagsipsip ng mga nilalamán ng ating binabasa, ay hindi natin dapat isalimot iyóng sinabi ng isang bantóg na manunulat na anyay: "May mga aklat na laan lamang na tikmán, mayroon namang ilán na dapat lasabin at mangisá-ngisáng dapat nguyán at lulunín."

Sa sinilpósilpót ng mga babasahín ngayong panahón itó sa Sangkapuluan ay labis na mahihinuha ng sino man na ang bayang ito'y untiunti nang nahihilig sa gawang magbasa, iyáng pagbabasa na taqing landás na katatamuhan ng mga karunungang nahihinggil sa sariling pamumuhay at pamamayan. Panuhon na ngayóng dapat tayong umayon sa katotohanang, ang pagkamawilihin ng isang bayan sa pagbabasa ay tanda ng kaniyang pagkasulong at pagkabihasa. Masdan natin ang mga bayang bihasa at matalino at pawang masipag at mawilihin sa gawang iyan.

Nguni't kung sa isang bahagi ng mga pilipino ay nakikita ang ganyang magandahilig, lalonglalo na sa mga kabinataang nag-uunahan sa mga upuan ng mga páraralan; sa isang bahagi nama'y namamalas ang pagpapabayá sa magandang ugaling itó. Saksi sa pagsasabi ng gayon ang malimit madama sa mga lalawigan at sa Kamaynilaan man, na di pagkatalós ng karamihan sa mga nangyayari sa bayanbayan, sa lakad ng pamamayan at pagkabuhay at di pagkaunawa sa mga karaniwang kautusan. Dito'y hindi natin madadahilan ang pagkakalayo-layo ng mga bayanbayan nitong Sangkapuluan, pagka't ang mga pahayagán ay walang isinisiwalat kung di ang mga nangyayaring itó na lubhang mainam na halimbawa sa pamumuhay ng tao; ni lalong hindi natin madadahilan ang kakulangan ng panahón sa pagbabasa ng mga naggamaw-gamaw na pahayagang iyan, sapagka't lahat ay nakapagsasabing sila'y may panahón sa paglilibang sa mga iba't ibang laro.

Náito ang kaibhan natin sa mga taga-ibang lupà: sila, bagá man di kaalám sa pamahalaan ng kanilang bayan, ay nakatalós ng mga karaniwang kautusan, alam nilá ang nangyayari sa araw-araw at pinakikinabangan ang mga napapalathalà't nababasa sa mga pahayagán; subalit marami dito sa atin ang hiudi ganitó, at iya'y di dapat sanang mangyari kung ginugol sa gawang pagbabasa ang kanilang nalalabing panahón at di sinasayang sa pag-aabalá sa mga bagay na walang munti mang pakinabang.

Isang kapuripuring ugali, ang marahil ay napupuná ng madláng tumutungháy sa amin ngayón, at nakikita sa mga amerikano, na kahi't silá naglilimahid at naningitím sa dumí ay hindi nagpapabayang huwag gumogol ng kaunting kuwarta sa pagbili ng kanilang mga mababasa. Ito'y magagawá rin ng mga pilipino, isang bagay na dapat gagarin sa kanilá, palibhasa'y ugaling kapuripuri at pinakikinabangan sa pamumuhay.

Hindi namin hanad ang ipakahikayat pa ang pagbasa ng mga mahal na babasahín; iyan man lamang na mga pahayagang naglalarawan ng mga nangyayari na sukat mapanuntunán sa pamumuhay ng isang tao, kinababasahan ng mabubuting aral at halimbawa, kinatatalaan ng mga kautusang pang-araw-araw at kinatututuhan ng mga karunungang hingil sa Kasaysayan, at iba pang kinakailangan sa kabuhayan.

At kung ang ganitong pagbabasa ng mga pahayagán ay ganáp na inuugali ng tanang kababayan naming mga mangagawa, malaking di hamak ang ikamumulat ng kanilang pag-iisip, pagkamulat na magbubungra ng di sapalang kagalingang sukat ikahango nila sa kababag-habag na kalagayang kinalalagakan pa ngayon. Ang mga maralitá, ang mga mahal na anak ng pawis, ay tungo sa paghanap ng kanilang katubusan; at isang malaking kailangan sa madaling ikatutuklás nitó ang pagpapakatalino. Sa boong maghapo'y iukol natin ang ilang sandali sa pagbabasa, yamang dito'y nagaganap din ang paglilibang ng loób, datapwa't isang paglilibang na hindi lamang pakikinabangan, kung di talagang kailangan ng tao.

Amin ngayon inaakit ang tanang kababayan hindi pa nahihilig sa ugaling itó, at gayon din namang pinaábot namin ang ganitong paghikayat sa mga magulang na nag-

papabayà sa kanilang mga anak na walang ginagawà sa boong maghapon kung di maglaro sa mga lansangan, na siyang pinagmulan ng mga bisyo. Ang panahon ay gintò at di nararapat nating sayangin; pakinabangan natin ang baw't sandali ng ating kabuhayan, at ang lahat ay ihandóg sa ikadadakilà ng lupang tinubuang wagás nating pinakasisintá.

MITHING-TAKATAK.



De educación

Bastante halagueño es el estado de la enseñanza en la provincia de Rizal. Obsérvase en casi todos los municipios un gran incremento en la asistencia escolar, registrándose ahora un promedio mayor que en los años anteriores.

Actualmente gracias á los inauditos trabajos realizados por el digno Superintendente de Escuelas, Mr. Wm. F. Montavon, la provincia cuenta, además de 39 maestros americanos y filipinos insulares, con 50 maestros municipales de barrios que perciben sus haberes de los fondos votados por la Ley conocida con el nombre de "Bill Poylés".

En lo que respecta á los edificios escolares, la provincia de Rizal posee muy buenos, entre ellos los de las Escuelas Intermedias de Malabón, de Morong, de Pasay, construida recientemente, y el de la Escuela Central de Pasig. Además, todos los municipios, con excepción de algunos, han presupuestado cantidades con destino á la construcción de casas escuelas, mereciendo especial mención los de Pasig y Kalookan que para dicho fin votaron las cantidades de P21,000 y P18,000 respectivamente



Bagong pangasiwaan

Ginanáp niyong ika 14 ng kasalukuyan ang paghahalili ng mga kagawad ng Lupong Tagapamahala ng "Kalipunan ng mga kapisanan sa Rizal." Maagting na labanan ang nangyari sa paghahalalan. Sa di kawasa'y lumabás

ang mga sumusunod, na nagkamit ng dalawang ikatlong bahagi ng bilang ng lahat ng boto:

Pangulo, G. Celestino Chaves.
Panğal. Panğulò, G. Augusto P. Villalón.

Kalihim, G. Filemón Tanchoco.

Panğal. Kalihim, G. Ismael Amado.
Inğat-Yaman, G. Gerónimo Angeles.

Manğagsisitanggap ng tungkol ang mga ginoong ito sa pulong na gagawin sa huling linggo nitong buwan.

Dahil sa kakapusan na ng mapaglalagyan, sa bilang na susunod na namin ihahayág ang pangalan ng mga kinatawan ng mga kapisanang kaanib.



NO SUCH THING AS AGE.

This is a statement which will surprise most anybody; perhaps it will make him laugh....

To be sure, it is a shocking assertion....

It certainly sounds nonsensical and incredible—No man ever since the world was created has been able to preserve himself young all his life; And because this is a fact, many conclude that it is extremely unreasonable to assert that any man can or will be able to remain young all the time; in other words, that the ability of checking age and its consequences is superhuman.

But is this conclusion logical?

To some it may seem so.

It is not so, however.

Let Camille Flammarion talk:—

"Of what is the body composed?"

"Five sevenths of flesh and blood are water, while the substances of the body consists of albumen, fibrin, casein and gelatin; that is, organic substances composed originally of the four essential gasses—Oxy-en, Nitrogen, Hydrogen, and Carbonic acid. Water is a combination of two gasses; air, a mixture of two gasses; thus our body is composed only of transformed gasses.

"None of our flesh now existed three or four months ago: shoulders, face, eyes, mouths

arms, hair, even to the very nails—the entire organism is but a current of molecules, a ceaselessly renewed flame, a river which we may look at all our lives, but never see the same water again.

“All is but assimilated gasses, condensed, and modified, and more than anything else, it is air. Our whole body is composed of invisible molecules which do not touch each other and which are continually renewed by means of assimilation, governed and organized by the immaterial force which animates us.”

Thus Science asserts through one of her present, best, and well-known disciples, that: Man's physical organism is entirely changed every little while.

Does this not throw sufficient light upon the subject?

If the body is being renewed every little while, is it not reasonable to suppose that the wrinkling of the skin, for instance, and the weakening of the body, in general—is it not reasonable to suppose that these aging processes are unnatural and that therefore they must be artificial?

If age is not natural and if it is artificial, then it is man that brings the curse of age upon himself, not Nature!

If this is so—as it really is—then it logically follows that it is within the power of man to avoid age and remain young all his life. And this can be accomplished in a very simple manner: To live by following strictly the unalterable laws laid down by Nature.

PILACELI.



El Lincoln Day

Aun flota en el aire el eco sonoro de los festivales celebrados en Manila y en las provincias del Archipiélago con motivo del primer centenario del nacimiento de Abraham Lincoln, Presidente que fué de los Estados Unidos de América. Esos festivales tuvieron lugar à iniciativa del Gobierno Insular, y como una manifestación, en estos sus apartados dominios, de la gran solemnidad con que en la Metrópoli se habrá celebrado el recuerdo de tan gran hombre. Lincoln era de humilde origen; y por sus grandes mé-

ritos fué escalando los peldaños de elevada posición social, hasta llegar à ocupar la primera magistratura de la Nación que hoy tiene à mucha honra el contarle entre sus más preclaros hijos. Muchos y muy notables fueron las cualidades y los méritos del Presidente Lincoln; pero destaca y sobresale entre todos ellos el hecho grandioso de haber sido el que arrostrando impopularidad y riesgos sin cuento, decretó la abolición de la esclavitud en los Estados Unidos, con lo que esa Nación, cuna y emporio de la democracia, ha llegado también à dar el mayor impulso à la emancipación de las razas desheredadas librándolas del oprobio de la servidumbre y de la explotación del hombre por el hombre.

América tiene razón en enaltecer la memoria de Abraham Lincoln; y al conmemorar con pompa y grandiosidad el centenario de su nacimiento, ha demostrado al mundo entero que ella sigue abrigando las ideas altruistas y humanitarias à que Lincoln supo dar conveniente forma, y que tiene alientos para tomar hoy sobre sí la noble empresa de dirigir à la humanidad, como Francia en otro tiempo, por la senda del progreso, llevando, desplegado al viento, el lábaro santo de la Libertad. Aun tiene, sin embargo, mucho camino que recorrer, y solo podría llegar por medio de una marcha en línea recta, haciéndose superior à las sugerencias del egoísmo y del orgullo nacionales, propósito que sin duda anima à ese gran pueblo que tiene impresa en el código de su conciencia nacional la célebre doctrina de Monroe; pero propósito también de difícil realización en medio del trasiego aturridor del humano comercio.

Mucho fué el haber abolido la esclavitud de los negros; mas quedan otras que no afligen menos à la humanidad, y entre ellas la que, con mano maestra, describe Leon Tolstoy en su libro intitulado “La Esclavitud Moderna”, y es hora ya de que desaparezca todo género de esclavitudes, individuales y colectivas, si se quiere preparar una base firme para la futura solidaridad humana, que vendría con el reinado de la paz universal. Ello tiene que ser el resultado de la lenta evolución que en la conciencia universal viene operándose, y obra, por consiguiente, de la humanidad entera; pero un

pueblo que goza de la vitalidad de América y el prestigio de sus honrosos antecedentes, puede dar, en la práctica, el ejemplo y el impulso inicial, con lo que se atraería las bendiciones del Universo, acaso con mayor mérito que Francia con su Revolución, seguida como ha sido ésta de las violencias y atropellos del Imperio.

EL ERMITAÑO DEL PASIG.



KASAYSAYAN

NĠ PAGKAPAGTATAG NĠ
"KALIPUNAN NĠ MĠA
KAPISANAN SA RIZAL"

Niyóng mġa kalahatian nġ Nobyembre nġ 1907, isang pamahayag na nalalagdġan nila Gg. Francisco Kintos at Celestino Chaves, na noo'y kasalukuyang Panġulo at Kalihim nġ Kapisanang "Bagong Sinag", sa Sampiro, ang nalathalġ sa *Muling Pagsilang*, na kani-lang inaanyayahan ang lahat nġ mġa kapisanang natatayo sa lalawigang Rizal upang bumuo nġ isang Kalipunang bibigkġs sa kalahatang hanga noo'y nagkakatiwatalag. Ang matibay na pagkakapatira't pagdadamayang nġ mġa Kapisanan, ang pagsasapi-sapi nġ kanilang mġa lakas sa lalong ikagaganap nġ magagandang adhikġ, ang ikapaglalapit nġ kalooban nġ mġa magkakaratiġ-bayan; ay siyang mġa dakilang layong pinangapanġarap nġ mġa nagmunakalġ, na inihanay nġ buong liwanag sa nasabing anyaya.

Hindi nasayang ang magiliw na amuki nġ mġa ginoong yaón. Sa kagandahang palad ay natak sa basal na lupġ ang binhing nangangako nġ saganġ't matatamis na bunga. Pagkaalam nġ anyaya'y nangag-uunahan ang mġa Kapisanan nġ doo'y pagsang-ayon at pakikianib. Halos lahat nġ mġa noo'y natatag sa Rizal ay nangagsitugón. Hindi sukat ipagtaka. Ang lalawigang itó, sa laot nang kanyang kabuhayan, ay walang ninanis sa oras oras kundi ang makasamantala nġ isang mainam na pagkakataóng maipahahayag niya ang tapat na pagsinta sa ikasusulong, na paris din naman nġ iba sa sanglupaing itó; at sa kabataang iyan nahahabilin ang boo niyang pag-asa sa isang kapalarang hindi alipin nġ kasawian.

Itinadhanġ ang ikġ 12 nġ Enero nġ 1908 upang gawin ang unang pag-uusap bagay sa pagtatayo nġ Kalipunan. Dalawang kinatawan ang susuguin nġ bawa't kapisanang makikianib. Nangagsiharap sa nġalan nġ "Kabinataang Malabon" sila Gg. Alfredo S. Herrera at Angel C. Lazaro; sa "Bagong Sikap" sa Santulan, sila Gg. Justiniano Ramos at Roman Reyes; sa "Gumising ka Bayan" sa Binangunan ang mġa Gg. Cirilo Barreto at Roman Fuentes; sa "Kabinataang Nabutas" sila Gg. Agapito Ignacio at Baldomero Flores; sa "Círculo Marikieño" sa Marikina sila Gg. Augusto P. Villalón at Paulino Trinidad; sa "Harapín ang Búkas" sa Mandaluyong, ang mġa Gg. Mariano C. Castañeda at Marcelo Lerma; sa "Sumilang ka Bayan" sa Pasig, sila Gg. Silvestre Apacible at Vicente Morada; at sa "Bagong Sinag" ang dalawang ginoong nagmunakalġ. Sa Club din nitong hulġ idinaos ang pulong.

Yinari't pinagtibay nġ walong kapisanang ito ang pasiyang pagtatatag nġ isang Kalipunan nġ mġa Kapisanan sa Rizal. Noon di'y nangaghalal nġ isang pamunuang mangangasiwa sa mġa pagpupulong hangan sa mayari't mapagtibay ang Palatuntunan, at mahalal ang mġa ginoóng bubuo nġ Lupong Tagapamahala nġ Kalipunan.

Tuwing ikalawang lingo ginaganap ang mġa pulong. Sa ikalawang pulong ay nangagsidaló pa sila Gg. Filemón Tanchoco at Rómulo Bernardo sa nġalan nġ "Samahang Mapagsikap", at ang mġa Gg. Benigno Rivera at Fermin L. Santos sa "Ang Pamaanaag", na kapwa natatayo sa Malabón; at ang mġa Gg. Gregorio Borja at Juan Rosales sa nġalan "Pinamuhunanan nġ Sipag" sa Patero. Sumapi rin sa ikatlong pagpupulong ang "Itaguyod ang Bayan" sa S. Juan del Monte, na ipinakiharap nila Gg. Melicio Z. Cruz at Lázaro B. Santos. Sa ikapat ay umanib pa rin ang "Debating Society" sa San Mateo, na nġayo'y nagpapa-magat nġ "Sulong sa Kabayanihan", at kinakatawan nġ mġa Gg. José S. Hilario at Jerónimo Angeles. Sa pulong na itó natapos ang mġa pagtatalo sa balak na Palatuntunan, at ginawġ na tuloy ang paghahalal nġ Panġulo, Kalihim at Inġat-Yaman sampu nġ kanikanilang pangalawa. Noo'y ika 8 nġ Marzo.

Iyan ang Kalipunang itinataguyod nġayon

nḡ kabataan sa Rizal, na sa loob nḡ munti nilang kaya'y humihikap nḡ mḡa lunas na makagagamot sa kasalukuyang anyo nḡ lalawigan. Sayang at di pa napapapisan doon ang ibang mḡa samahang natatayo sa Kalookan, Morong, Malabon, Taytay at sa ilan pang pook; disin ay lalong malulubós ang pagkakaisa nḡ sa nḡayo'y mḡa batà pa't nḡ-aaral at búkas ay mananagót sa kabuhaya't kalakaran nḡ bayan. Sana'y mapagsasanayan na nḡayon pa, hangan sa maging likas na kausalian nḡ mḡa tagarito, ang paglalapilapi, ang pagtitingina't pagdadamayang parati na lubháng kailanḡan nḡ magkaka-babayan sa pagpapalusog at pagpapalago nḡ mḡa pagkabuhay, sa pagbungkál ng mḡa kayamanan natin, sa pagkahangó sa mḡa kahirapang dulot ng mḡa sakuna at sa pagbabangó't pagwasangalang nḡ puri, dangal at katwiran nḡ mḡa inianak sa lupaing itó.

Nauiniwalá kaming ang ganitong mḡa ad hiká'y hindi nalilingid sa pagkukuro nḡ boong kabataan, kaya't nauukol umasang ang mḡa Kapisanang iyang hanga nḡayo'y di pa napapapasok sa hanay nḡ Kalipunan ay madali nang mapapabilang din sa lupon nḡ labing-tatlóng unti-unting nagpapamalas nḡ lakás at kasiglahan.

Dito ipakilala pang lalo nḡ kabataan sa Rizal ang wagás nilang pagpupunyagi sa ikapag-iisa't ikasusulong nḡ lalawigang itong ninanais nating matanghal na manginging sa piling nḡ lahat.

GAT IROG.



¡Binatang... Pabaya!!

(Alay sa Kabinataan
nḡ aking lahi.)

I

Palaging malayo sa samasamahan,
Laging nakailas sa gawáng marangál,
Walang ninanasa't kinawiwilihan,
Kalagúlaguyo't inaring banál
Kundi ang mamahay sa katahimikan;
Kunwá sa sarili'y nagpapakamahál
Bago'y sinusumpát pinangdidirihan
Nḡ mḡa kalahing may puri't may dangál.

II

Sa kanya'y wala nang kada'idakila
Kundi ang umupót tumingátingála,
Maghintay nḡ labí nḡ kapwa binata,
Magpiring nḡ matá sa magandang gawa,
Magbingibingihan sa balang pithaya
Kahi't natatantong banál na adhika.
Paganyan ang anyo nḡ salát sa diwa,
Nḡ walang hinayang: ¡Binatang... pabaya!

III

Maanong minsan ma'y natutong tuminag,
Natutong magwaksi nḡ hidwang pangarap,
Ibinubunsod na'y di pa mabagabag
Kahi't nakikitang sa lawak nḡ hirap,
Ay naglalalangóy, nagpapakasipag
Ang kapwa binata, ay di rin magsikap,
Di rin mabalino at hindi makayag.
¡Wala kang pangdamdam, wala kang paglingap!

IV

Sa alin mang layo'y hindi makasama,
Parating malayo at napagisá,
Sa kanya ay bula ang naka'apara
Nḡ balang adhika; at nakabábatá
Na di man tumuáng sa igiginhawa
Nḡ bayang sarili, nḡ tunay na Iná,
Ang ibig pa yata y lumubóg sa dusa
Ma itang lupagi at walang hiningá

V

Walang nalalaman kundi ang umupo
Maghintay sa kapwa nḡ magiging tubo,
Kumantá antanód sa nangagpupunlo
Nḡ iisang layon; walang kusang paló,
Kahi't ang hihiga'y nagkakanglulugso.
Di rin matigatig sa pagkakatapako,
Walang natutuhan sa pagayong anyo
Kundi makisalo sa balang may luto.

VI

Parang hindi tantong ang init nḡ araw
Ay sumusunog na sa sariling bayan,
Animo'y di tahóng lahat na'y napukaw
Sa pagkakahimbing sa kapabayaan;
Nagkukunwang patáy, bago'y nauuhaw
Sa balang makaya ang kinamulatan,
Di na nabagabag ni di nabulawah
Sa sigáw nḡ puring ibig na yurakan,

VII

"Pag-asa nḡ bayan"! Sayang na taguri
Sa kabinataan nitong aking lahi,
Sayang na pamagát na ginawang binhi
Sa pagpapatubo nḡ sariling uri,

Dapat mong itanġis at ipagpighati
 Ang paganyang ambíl, binatang palagi
 Sa kapabayaán, sapagka't ang nġiti
 Nġ katotohana'y siya nang naghahari.

VIII

Ikaw ay may búhay, ikaw ay may lakás,
 May kimkim na puri't may dangal na hawak,
 Makapagtatanggol sa ibig dumahás
 Na budhing masakím, sa'ibig yumurak
 Sa sariling lupa't sa katwirang likás.
 Sa gitna nġ lagím ang hindi magbalak
 Nġ sasandatahin ó ikaliligtas,
 Pilit masasawi't mapapawakawak

IX

Darating ang araw't di magkakabula
 Na itatanġis mo ang taksil na gawa,
 Ang bayang sa iyo'y boong nagtiwala
 Ay susumbatan ka nġ mabisang sumpa,
 Bála na'y sisisi, bála na'y pupula
 Sa maruming asal at gawa mong lisa,
 Ang ianak mo'y mangagsisiluha
 Sa iyong pamanang ipagdaralita-

X

Ang puri nġ táo'y di nababayaran,
 Ang dangal nġ lahi'y di napapalitan
 Nġ pilak, nġ ginto ó nġ kayamanan;
 Hindi matutubós ang alin mang angkán
 Kung hindi ang sikap, kilos, katapanġan
 Ang pupuhunanin at panganglungán.
 Hanggang may pabayang mġa kababayan,
 Ay lalagi tayo sa kaalipinán.

LEONARDO A. DIANZON.

Malabón, Rizal.



Nueva Junta Directiva

El 14 de los corrientes y de acuerdo con el Art. 4.^o de los Estatutos de la Confederación de Rizal, reuniéronse en asamblea general los delegados de las asociaciones confederadas al objeto de elegir los nuevos dignatarios que compondrán la Junta de Gobierno para el presente año de 1909, resultando elegidos por mayoría de votos en sus respectivos cargos los siguientes:

Presidente, Sr. Celestino Chaves.
 Vice-Presidente, Sr. Augusto P. Vilalón.

Secretario, Sr. Filemón Tanchoco.
 Vice-Secretario, Sr. Ismael Amado.
 Tesorero, Sr. Gerónimo Angeles.

Estos señores tomarán posesión de sus cargos en la próxima reunión ordinaria que se celebrará el último domingo del presente.

Por falta de espacio dejamos para el siguiente número la publicación de los nombres de los delegados de las asociaciones que componen la Confederación de Rizal.



Karapatan at Pag-ibig

Sa isang bayang paris nġ atin, ang una sa mġa tungkuling dakilá na di sukat kaligtáan nġ mġa mámamayán,—at ¿sinong di nakaalam nito?—ay ang paggamit nġ mġa karapatán katutubo sa tao at sa lahi.

Ang pagpapakilala nġ karapatán, sa bayan ay pagpapakilala rin nġ tunay na pag-ibig.

Sa gayón, ang di gumagamit nġ karapatán ay hindi rin matatawag na umiibig sa kanyang bayan ni sa sariling katauhan.

Dito sa atin, ang pag-ibig sa bayan, iyang wikang: UMIIBIG AKO SA AKING LAHI. ay nanánaimtím sa lahat nġ kalooban at pusong pilipino. Ito'y sa mulá mulá pang ang Pilipinas ay maging bayan nġ ating lahi.

Ngayon, at buhat noóng ang kawalán nġ kalayaa'y kasuklamán at ipalagay na kamatayan nġ pilipino, ay lalong dumakila sa puso at naging isang damdamin niyang taglaytagláy sa lahat nġ sandalí, ang pag-ibig sa tinubuang lupa,

Ang sanhi nito'y sapagka't nakakilala siyá nġ karapatán: Nakakilala nġ kanyang pagkamarapat na paris nġ ibá, sa lahat nġ nilikhang dulot nġ kalikasán sa tao. Nakakilala nġ pagkain, nakakilala nġ kayamanang di matatalikdán, at lalo sa lahat nġ ito'y nakakilala nġ pagpipitagan at pagpapapitagan sa ibá, nġ sariling matwid niya't nġ sa kanyang kapwa, na sapagka't mġa mahál na katutubo, ay hinalagahan nġ buhay, pinanumpaang nġ kamatayan.

Natutong umibig, at sa pag-ibig, ang karapatán ay nakilala.

Talagáng hindi nãa maikakait, na ito'y sangkáp na di maihihiwalay niyón; at ang nauna ay kinababatayan nãuni't pinadadakilang nitong hulí.

¡Oh, Pag-ibig at Karapatán!

Pag-ibig at Karapatáng lagi nã magkasama-

At lagi nã saligán nã katotohanang: kung walang pag-ibig, ay walang karapatán, at kung wala nitó ay wala namang masasabing wagas na pag-ibig.

Sapagka't kung umiibig, at kung ang pag-ibig na ito'y bukal sa ubod nã puso, ay sáplilitan ang pagsakbihi sa loob, sa dámdamin at sa budbí nã mēa kailanngang karapatán sa gayón.

At kung taós na umiibig sa bayan at sa lahi ay kailanngang ibigin ang kahit munting paraang ikagágaling nã bayan, ipagmasakit ang lalong káliit-liitang pagkaapi nã bayan, mahalín ang ikatututo nã bawát isang kalahi, ipagdámám ang munting kaapihán nã bawát isang kabalat, ipagtaggol ang matwid nã kababayang niyuyurakan nã ibá at ipagsanggaláng ang nalulupig na katwiran nã sarili, laban sa kahit sino.

Ito ang karapatán. Ito ang wagás na pag-ibig sa bayan, sa lahi.

Sa lalong maliwanag na sabi: huwag ipahamak ang karapatán at pag-ibig na iyán.

Noong panahón nã digmá, ang karapatáng iyang likha sa pag-ibig, ay pinamuhunanan nã buhay, ikinabulusok sa kamatayan, huwag lamang maagaw at maapi.

Ngayong panahón nã kapayapaan, kapag iniingis nã ibá ang karapatáng iyan nã pilipino, ay ipinagtatanggól sa lilim nã mapapayapa, nãuni't mababalasik at nagpaparusang mēa utos.

At kailanngang talagá na ipagtanggól.

Nãuni't yaong masuri, matalino, pangatawanan at walang sindák na pagtatanggól.

Kung hindi, wala namang pag-ibig, hindi tayo umiibig.

Kung may pag-ibig man, ó kung tayo'y umiibig man, ay pag-ibig ó umiibig na di marapat, walang pagkamarapat.

Paano'y pag-ibig nã isang waláng karapatán. Umiibig tayo, gayóng di marapat ó di nababagay umibig.

Ganyan kung magmahál sa sarili ang isang alipin, ang isang nagpápakaalipin, ang di

nakakikilala nã karapatan, nã matwid at nã kalayáan sa pagkatao.

Kung apihin siya nã panginoon, ó nã isang kamukhá at kauri nã kanyang panginoon, ay isang pag-ingos lamang, isang karimarin na paglunók, ang pagtatanggól na nagagawá.

¡Kahabaghabág na pagtatanggól!

¡Kay paít na pag-ibig sa sarili!

Pag-ibig na di wagás. Pag-ibig na di PAG-IBIG, pagka't pag-ibig na hubád sa KARAPATAN

F. LAKSAMANA.



BAYAD-UTANG

—Rodolfo, nawalán ka bá?—ang pabirong tanong nã isang binibini sa kaharap niyang binatà na noo'y nakapangalumbabà at ang tingin ay sa malayo; tanong na gumitla sa libáng na pagtisip nã kausap, kaya't ito'y napabiglá nã tugón, na anya'y:—

—Oo, hindi, aywan ko bá. Bakit ganyan ang tanong mo, Liwayway?

Mangyari'y siya kong napagwawari sa iyóng mēa kilos; ikaw ay malungkot mula pa kangina, marahil ay mahalagang lubha ang iyóng iniisip, anó hindi ba?

—Salamat at ikaw na rin ang nakaalam. Talagang totoo at sa buhay ko'y ibinibilang ko nã isa na sa mahihirap batahin ang naghahari sa buo kong pagisip ngayón, lalo na't paris kong nalalaman nã naghihirap ay pinaglalaruan pa rin ang aking kahirapan.

—Masama namang tao ang mēa iyan, anó?

—Aywan ko ba, hindi naman marahil, mangyari pa, kung ang gayong gawa ang ikinagagalak nã kanilang loób, ay di siyang gagawín.

—Kayá naman ang sabi ko'y masasamá siláng tao; biro mo yaong gawing larúan ang paghihirap nã kanilang kapwa.

—Huwag na nating pagtalunan ang bagay na iyán. Ako'y may itatanong sa iyo, sasagutin mo ba ako?

—Bakit hindi, kung aking masasagot.

—Datapwa't ibig ko'y tápatan, sagutin mo ako, hani?

—Maulit ka naman, sabi't oo, anó pa ang iyong ibig na sagót?

—Hindi ako sa maunit; mangyari'y... ini-ibig kita ng isang pag-ibig na dalisay, at dahil dito'y nais kong matalastas ang kapalarang inilalaan mo sa akin.

—Aba!...súsmariosep! ganyan pala ang itatanong mo, hindi ko nalalaman iyan.

—Nāyong natatalastas mo na, ay sabihin mo sana sa akin ang iyóng nilolób.

—Ah, aywan ko ba, wala.

—Anong aywan mo?

Nguni't hindi na nakuhang ipagpatuloy ang salitaan, pagkat ang *santong pang-abala* ay sasisipót sa kinaroroonan ng nagpupulong. Ang dumating ay ina ng binibini, kaya't ang salitaan ay naging pangkalahatan sa tatló. Di nalao't nagpaalam ang binata, pagka't sadyang oras na ng paghihiwawalay. Bago umalis ay nakapagbaon din kahit paano ng isang sagot na lalong pangpaguló ng isip sa binatang nangingibig, sagót na: "Saka mo na malalaman."

* * *

Iká 3 ng hapon. Hangós na pumanhík si Rodolfo sa bahay nina Liwayway. Ang kanyang kahiratihan na sa pagmamahik-manaog sa bahay na yaón ang siyang dahilan nang di na lubhang pagpansin sa kanya ng ina ng binibini. Si Liwayway ay inabutan ni Rodolfong nakaupo sa isang luklukang yantók at kasalukuyang nananahi. Ang mukha ng binibini ay hindi man lamang nabakasán ng kahit bahayang pagkamangha, bagkús tumamong pa nga sa bagong dating:

—Bakit ka humihingal halos, malayo ba ang pinanggalingan mo?

Si Rodolfo'y hindi kumikibo. Idinukot ang kamay sa bula at inilabás ang isang makapal na balutang papel na natataliang mahigpit. Ang baluta'y padabóg na inihagis sa kandungán ng nananahi at sinabayan ng wikang:

—Hayán ang lahat ng kailangan mo, ngayon di'y isauli mo sa akin ang mga liham ko naman. Madali ka sana.

Isang di maulatang pagtataká ang naghari kay Liwayway. Napatingin sa binata samantalang ang dibdib ay pinatatahip ng maririing tibók ng pusó. May ilang sandaling natigagal na parang nasususian ang mga labi. Pagkua'y nangangatal na nagtindig, tinunño ang taguan ng mga sulat saka nagbalik na taglay sa kamay ang mga yaón. Iniabot sa kaharap ang dalá bago nagtakip ng mukha. At sino ang

nakaalam kung sa pagtatakip ng birang na yaón ay naglagak lamang siya ng ilang mahiwagang paták ng katás ng pusó!

—Hindi lamang ito—ang patuloy ng binata—isauli mong lakat ang sa iyo'y akiug mga naibigay.

—Walá na kung di iyan, at ikaw ay makayayao na kung saan mo ibig pumaroon.

—Isipin mo, hindi sulat lamang ang sa iyo'y aking naipagkatiwalá.

—Ah, walá na akong maisip. Lumakad ka na.

—Walá na! Diyata't walá na? At yaong itiuitik ko sa iyong... noó bilang tandá ng di magmamaliw nating pagmamahalan, kailan ma't ikaw ay di maglililo sa akin, nakali. mutan mo na ba?

Isang frap ang isinagot ng binibini sa tanong na itó. Sinundan ni Rodolfo ng isang anyayang mangyari lamang buksan na ang nababalot na papel upang matalós kung naroroon nang lahat ang sulat ni Liwayway. Ito nama'y malumanay na sumunód, at ganong pagkagitla ang kanyang tinamó, ng makitang ang nababalot palang yao,y hindi mga sulat kundi isang pahayagang kinlalathalaan ng isang tulá ni Rodolfong patungkol sa anya. Ang kalungkutang namayani sa kalulwa ng dalaga ay biglang naram at nahalinhan ng malabis na pagkagalak.

Saglit na dalamhating nadurugtungan ng ligayang walang kahulilip, ay gayon na lamang ang mahihingi ng tao dito sa ibabaw ng lupa. Anong tamis sa kanila ng mga sandaling yaon! Kung si Rodolfo'y parang nasa salangit si Liwayway ay nasasa paraiso naman.

Na parang ipinagpatuloy ng binata ang kanyang hinihingi? Aywan natin; nguni't..... ang mga pangwakas na salitang narinig sa kanila'y ang mga sumusunod:

—|| Liwayway kol!...

—|| Rodolfo..., aking sintá!!

* * *

Ang araw ay dahan-dahang yumayao sa kalunuran.

Nang mga sandaling yao'y isang binata ang nakikitang nananalaktak sa kabukiran ng bayan ng X ..., tunño sa malagong kawayanang natatanaw mula sa malayo.

Ang binata'y lakad ng lakad at sadyang kinukusa ang di pagbabaling ng mga mata

sa dakong likuran. Sa ganang kanya ang naraana'y naraan na, at hindi na nais na mamalas pang muli ang mga bakas na inilagda ng kanyang mga paa sa malagong damong kanyang nayayapakan. Habang lumalao ang mga hakbang niya'y lalo namang bumibilis, tulad diyan sa nakamatay na hinahabol at pinag-uusig ng mga kawal ng katarungan. Siya'y nakatungo, datapuwa't lagi nang natalisod sa mga hangang binting halamang sa kanyang nilalakara'y nangatatanim.

At habang lumalakad ay walang ibinubulong sa sarili kundi: "Siya'y nagtaksil at ang katotohanan nito'y bukas na bukas lamang ay tatanghalin na ang kanyang pakikipag-isang dibdib sa binatang umagaw ng aking palad. Kinakailangang huwag kong makita ang pangyayaring iyan, pagka't sapilitang hindi lamang ako ang mapapanangyaya kundi magdadamay pa. Hindi rin lamang ako mabubuhay ng maligaya kung mamalas ko siya sa ibang kandungan, kaya't nauukol na matupad nang agad ang aking nasâ. Ako ang may palad na lisyâ, kaya nararapat na ako lamang ang magtiis."

Ito'y si Rodolfo, at gayon ang pagkukurong papabalik-balik sa kanyang gunitâ. Tuloy din ang kanyang paglakad na walang kauntol-untol, na anhin mo'y tutupad lamang sa isang walang kabuluhang gawain, gayong ang gagawin niya'y isang bagay na sukat makapangilabot sa kanino mang taong may malinaw na pag-iisip. Napakalaki ang kanyang pagdaramdam, palibhasa'y hindi natutong magpamalas ng isang nakangiting labi kailan ma't ang kanyang puso'y ginigiya-gis ng masisidhing lingatong. Hiudi nakilala sa buo niyang buhay ang wikang pagpapakunwari, gaya ng karaniwang asalin ng madlâ, kayâ naman ang kanyang puso'y tapat na tapat at gayon na lamang kung magdamdam.

Walâ nang napakasaklap tiisin ng isang pusong naninintang di gawa ng pagkamatay ng isang pag-asang hasik sa linang na lupa ng pag-ibig at alaga sa suob ng kamanyang ng pagmamahal. At ang kasaklapang iyan ang di matutuhang bakahin ng sindal sa sakit na kalooban ni Rodolfo, ang hindi man lamang niya mapagbawa ng kahi't munti upang mapawi.pawi sana ang makapal na ulap ng dalamhating nakababalot sa kanyang kalulwa.

Marahil ng mga sandaling yaon ng kanyang buhay ay piuagtatawanan siya ng marami at kinahahabagan ng ilan, datapuwa't sa ganang sarili niya'y nagtatawa naman sa kanila, palibhasa'y ipinalalagay niyang pawang hindi maalam magpahalaga sa pag-ibig.

Nasasa kawayanan na siya. Tumigil at binunot sa kaluban ang balaraw na pinakislap ng mga huling sinag ng araw na malungkot na nagpapaalam sa mga pook na yaon, kislap na sumilaw sa nagninin;ning na mata ni Rodolfo; nguni't ito'y hindi man lamang nangilabot sa gayon, bagkus tiningnan ng isang makapangyarihang titig ang kanyang hawak, saka iginalang sandali ang paningin sa kanyang paligid.

—Liwayway,—ang huling sabi—itinadhana mo sa aking pag-asa ang mamatay, ngayo'y tutuparin ko nang lahat at nang malubos ang kaligayahan ng iyong loob. | Diyan ka na!

.....
Rodolfo, ayaw si Liwayway na ikaw ay mamatay....

ALFREDO S. HERRERA.

Malabon, Feb., 1909.



Carta abierta

A los jóvenes, director y redactores del BANGON.

Saludo la aparición en el estadio de la prensa de la revista BANGON, felicitando al mismo tiempo á la "Confederación de las Asociaciones de Rizal," de la cual es órgano, no tanto por el signo de vida, como por el acierto que ha tenido al escoger las columnas del "cuarto poder," que llaman, en la exteriorización y propaganda de sus fines é ideales.

No creo necesario señalar uno por uno vuestros deberes para con nuestra Pátria en general, y de la provincia de Rizal en particular, porque estoy seguro de que estáis ya de ello muy compenetrados. Basta saber que BANGON es porta-voz de una asociación de jóvenes para creer que será otra "bella esperanza" y salvaguardia en las presentes circunstancias del progreso de la provincia de Rizal y acaso de Filipinas entera.

En mi condición de jóven como vosotros, me creo con el deber de haceros un toque de atención respecto á vuestros enemigos, que por cierto teneis algunos, los cuales no dejan de ser obstáculo en vuestra em presa. Para con estos debeis estar siempre alertas, combatirlos denodadamente y perseguirlos con honradez, porque hoy día, supongo estareis conmigo, es la labor más útil que puede hacer un amante de su provincia y de su Patria.

Y para lograr este fin, no hay mejor medio que el de predicar siempre en vuestras columnas *Patriotismo* y *Civismo*, inculcando á la masa popular al mismo tiempo que sus deberes, sus derechos, porque cuanto más penetrados es'én de estos, más sabrán cumplir con aquellos, y no se dejarán corromper por cualesquiera que, bajo halagüeños pretextos, quieren hacer de la provincia de Rizal la "tierra de promisión" de sus ambiciones personales, de sus caciquismos y de sus vicios.

Como véis, el camino que teneis delante es muy espinoso; más ¡qué importa! La juventud filipina desconoce el desaliento y está resuelta siempre á acometer, en aras de la Pátria, la más penosa labor, aun á costa de grandes sacrificios y fatigas; y yo creo que estais inbuidos de esto al asumir voluntariamente, con la publicación del BANGON, los deberes que os imponéis.

Por último, recibid mis votos y anhelos por que tengáis vida próspera y gocéis de la satisfacción del deber cumplido.

Vuestro affmo.,

SERVANDO DE LOS ANGELES.



Paunawa

Ipinamamanhik sa lahat ng magsisulat sa Pangulo ng Kalipunan ó sa Tagapamahala ng pahayagang ito, na mangyaring ipadalá ang kanilang mga liham sa San Pedro Macati, Rizal.



Ugaling dapat ilagan

Kaugalian na sa atin, lalong lalo na sa mga bata, ang magbabad ng daliri sa bibig hangan sa kung minsa'y nakakagat ang kukó ng di namamalayan.

Ang ganitong ugali, bukod sa pangit ay marumi, at gaya ng sabi ng isang balitang manggagamot sa París, nakasisira ng di ano lamang sa sikmura, pagka't ang munting bagay ng kukóng nálululon ay di natutunaw at nananatiling matagal sa tiyán. Maidurugtóng pa na ang kuko'y masaganang táhanan ng maliliit na hayop na nagdadala ng sakit sa katawan ng tao.

Tangi sa rito'y napagtibay din ng naturang mangagamot na ang mga nagtataglay ng gayong asal ay unti unting nawawalan ng pangdamdám at kaliksihan sa kanilang mga daliri, bagay na di suhat ikaharap sa mga gawaing nangangailangan ng li sí ng daliri. At di pa yata sukat ang mga kasamaang ito'y sinasabing napagkilalang ang gayong asal ay manamanahan.



Noli Me Légere

I

¡Sulong sa Kabayanan!

Tube sa dako roon ng dagat Mapayapa; taglay sa mukhang nagpúputik ang kulay pute; palingos-lingos sa magkabilang panig ng daang nilalakaran.

Sa tapat ng isang maliit na tindahan ng alak ay biglang tumigil. Nagmasid sandali at pagkuwa'y tinawag ang may-aring si Julio; ipinahiwatig dito ang kanyang ibig, Ibig niya ay... makitang umikot ang mundo, dapwa't sa kasamang palad ay walang dalang maibabayad sa magpapaikot, na noo'y nagpupulahan ang ilan at nag-iitiman ang iba sa loob ng mga boteng nahahanay sa tindahang iyon. Tinanggihang ni Julio ang nangungutang, sapagka't totoong malabis ang pag-aalinlangan niya sa taong ito, na hangga ng hangga ay noon lamang natamaan ng kanyang mata. Sa mukha, pananamit, mga anyo, pananalita, ay wala siyang sukat nabanaagang tanda ng pagkamalinis na budhi.

Dahil sa walang maliw na pagtanggap ni Julio, ay biglang uminit ang tuktok ng malaon nang uhaw sa biyaya ni Makapangyarihang Alak: Ipinalalagay daw siyang masamang tao na di marunong magbayad ng utang—sa makatwid, tulad na ng magnanakaw!... Sa noóng kunót ng kausap, ay isang malamig na ngiti ang itinugón ni Julio.

—“Hindi poiyan”—anya—“ang dahil; talaga pong nangalán na ng tindahang itó ang huwag magputang sa mga di naninirahan dito, kaya’t inyong ipagpatawad.”

At hinagisang mui ng isang ngiti ang nabigo. Ngunit hindi naampat ang dingas. Lalong sumiklab ang siga. Kumanyon na nang sunod-sunod at walang lagot, ang diyos Bundangang makasalanán. Katakot-takot na bala ng pag-alimura ang lumagpak sa mga taynga ni Julio! Ito’y nakapapigil sandali, dapwa’t sandali lamang, at nabago ang lahat. Yaong mukha niyang dati’y nakananging lagi, ay biglang nagdilim. Yaong tumitibok sa kabila ng kanyang dibdib, na walang sindak na kinikilala, ay biglang napukaw. Natikom ang mga daliri, nanginig ang mga bisig.....

—“Ginoo!”—ang inihadlang sa napapaputok—“wika ko sa inyo’y di ko kayo puutanin at ang pasya kong itó ay walang pagkatinag! Walang tao sa ibabaw ng lupa na may kapangyarihang pumilit upang baguhin ko ang aking salita! Ako ba’y inyong nauunawaan?... Lumayo ka po rito!”

Pagkasabi nitó, si Julio ay tumalikod nang kaunti. Sinamantala ang pagkakataong ito ng kanyang kaaway. Maliksing hinugot ang dalang rebolber, lumundag itó sa loob ng tindahan at pinukol ng tatangnan ang ulo ni Julio. Ipinanghina niya ito nang kaunti, gayon ma’y hinarap ng pangatawanan ang mapangahas. Di naglaon at gumulong kapwa sa sahig; animo’y nililindól ang tindahan; ang mabuway na kinahahanayan ng mga bote ng alak, ay natagilid; gumuhó ang lahat ng laman. Katakot-takot na ingay! Dumalóng nagtutumili ang dalagang anak ni Julio. Nang makita ang ama niya’y napipipilan sa lakas, to ay lumuhod sa harap nang halimaw upang hingin na kaawaan ang kaniyang magulang. Isang sipang ikinasubasob ng binibining nananangis, ang dito’y itinugón. Kahabag-habag na mag-ama!

Sa karatig na tindahan ay may ibang nangyayari.

Dalawang pulis ng bayan at si Bayani ang nahandoon. Si Bayani, isang binatang may mataas na tindig, ay naglalabing siyam ang gulang. Sa bayang iyon, siya’y natatangi sa lahat ng kanyang kabinata. Sa katalasan ng sandatang kinukublihan ng kanyang noó, sa pagka-mapangahas at katibayan ng loob sa alin mang gawaing mapanganib, sa di karaniwang lakas ng kanyang katawan, ay wala siyang kapanahun na maipapantay sa kanya.

Mula pa sa mga unang sandaling mabanaagan ni Bayani ang masaklap na bunga ng mga sagutan ni Julio at ng kanyang kaaway, ay sinimulan na niya ang pagpapalala ng kanilang katungkulan sa dalawang pulis na nataunan niya roon; alalaong baga’y pumagitna sa dalawa at ilayo ang gas sa apoy.

Umakmang lalapit ang mga pulis, di ang bihidi. Datapwa’t sa masamang pagkakataon ay nasabay ang paglapit na ito sa pagbunot ng rebolber ng kaaway ni Julio. Isip yata’y sila na ang susugurin, kaya’t biglang nangamutlá at dali-daling nangagsiurong.

—“Ano’t tila kayo’y natuka ng ahas?”—ang pagdaka’y itibanong ng binata sa bayaning mga pulis.

—“Aba”,—ang kanilang tugon—“kami ba’y mga ulol at ipapain ang aming buhay sa kamatayan? Di mo ba nakikita ang “ribulber” niyan? Kami’y walang kaarmas—armas, kung kami’y laban, ano ang aming magapawá?”

Nanginitngit si Bayani sa mga salitang ito.

—Mga duwag!—ang naisigaw na lamang, kasabay ng isang tulak sa dalawa na kamunti nang ikinabaligtad; at di lamang ito ang nagawá, nilabnot pa sa kamay ng mga pulis ang dala-dalang mga batuta.

Si Julio sa mga sandaling iyon, ay latang latá na sa kanyang pakikilamas; kaya’t ang pagdalo ni Bayani ay napapanahun. Pagpasok ng binata sa loob ng tindahan, ay sinigawan siya ng kalaban ni Julio na huwag manghimasok sa kanila; hawak nito ang rebolber sa kamay; dapwa’t sa gayong anyo ng kaaway, ang batong loob ni Bayani ay lalong tumigas mandin, lalong nabuhay ang kanyang dugo. Kasing tulin ng kidlat na nilapitan ang nanampalasan, at ubos lakas na

inihataw sa ulo nito ang dalang kahoy; nguni't ang hinataw ay nakapagpaputok din; at saka dahandahang nanghina, nahilo, nalugmok, nawalan ng malay

—“Mang Julio, nakaganti na kayo!—ang biglang pumulas sa mga labi ng mapusok na binata

Pumasok ang bala, at binutas ang kaliwang bisig ni Bayani,

Tumutulo ang kaniyang dugo.

Samantalang sa tapat ng tindahan ay nagkakatipon ang mga taong pawang nagpuputlaan, nagluluwangang ang mga mata, at naghahabaan ng liig.

Isang lalaking mataas ang di nagluwat at pumasok sa tindahan: sa pananamit ay makikilalang siya ang pinaka-puno ng mga pulis sa bayan. Nilapitan si Bayani at itinanong;

“Ginoo, tunay nga po bang inagaw ninyo ang mga batuta ng dalawang pulis dito?”

“Oo nga po”—ang tugon ng binata—pinangahasan kong agawin ang mga batuta ng inyong mga pulis, sapagka't ayaw nilang gamitin, ayaw gamitin sa isang sandaling dapat igamit sa kanila, at sapagka po't aking kinailangan sa pagtulong sa dalawang anak ng bayan ng sila'y inaapi't nilalapastangan ng isang taong dayuhan at walang puso! Sa pagtatanggol po sa watawat ng banal na Katwiran na iya'y iginalng! ... At di po lamang ito ang ginawa ko sa inyong mga pulis: ang mga pulis pong iya'y itinulak ko kapwa, sapagka't tangi sa mga duwag, ay aayaw magsitupad sa kanilang katungkulan, nakita, ng kanilang mga mata ang gayong pagyurak sa kanilang lahi, ang paglait sa kanilang mga kabalat, ang pagluha ng Matwid; at gayon man, sa harap ng karawaldawal na nangyari, ang mga pulis na iya'y di nagkaloob na kumilos humalukip na lamang, nagpatay-patayan! ... Ganyan po ba ang mag-iingat ng kapayapaan? Sa mga taong gaya nila'y ano ang mahihintay ng isang bayan? Walal kundi isang di makakatkat na kahihiyan, at pagpula sa kanya nang ibang lahi! ...” (At dito'y hinarap ng binatang mapusok ang nagsisiksikan at nagngangang mga tao sa labes ng tindahan; ibinaling muna ang paningin sa lahat ng dako at saka nagpatuloy:)

—“Sa mga sandaling ito, mga kababayan, huwag lilimutin na ang Mata ng boong Sangdaigdigang ay napapako dito sa Pilipinas.

Bawa't kilos, bawa't gawa, pagkakamali o pagkakasulong, ay minamasdan nila. Kinukuro, tinitimbang ang lahat na iyan, upang pagkatapos ay pasiyahan kun tayong mga pilipino ay may matwid o wala sa paghiingi ng ating Kalayaan! Kaya nga nararapat na sa mga araw na ito, ay magpakainat tayo sa ating mga kilos. Huwag tutulutang makasinag dito ang mga taga ibang lupa, ng ano mang gawang maipupula sa atin. Iyong kahinaan ng loob, takot sa mga gawang laban sa katwiran, ay di nararapat kailan man na ipamalas ng isang bayang gaya nito, na naghahang lumaya. Upang ang bayang iya'y kaalang-alanganan ng iba, ay kailangang ipakita sa lahat ng panahon, na ang kaniyang mga anak ay di natutulog sa buktot na hangad ng ibang papusyawin at dungisan ang kanilang purit karangalan—Kapag ang purit dangal ng lahi ay hinahamak' katungkulang mahigpit ng bawa't taong may matinong pag-iisip na ipunin ang lahat nang kaniyang lakas at umabuloy sa pagtatanggol—nguni't sa pagtatanggol na ito, kihima't napapanangib ang buhay, ay nararapat at kinakailangan munang iwaksi at tabunan ng lupa, ang mahal y na pag-aalaala sa sarili—sapagka't ang maling pag-aalaalang iyan ay siyang nagdudulot ng karupukan sa puso, siyang nagpapatulog sa dugo, gumugulo sa isip, at nagpapaurong sa kaluluwa upang lumayo at tumalikod sa panganiib na dapat saupain at sugpuin! ...”

Naputol ang salita ni Bayani, dahil sa biglang pagkilos ng nalulugmok. Nasauli na ang pagkatao, idinilat ang mga mata at titindig na sana, nguni't ... ¿Sino yang na sa kanyang harap at pigil sa kamay ang isang rebolber na nakaumang sa kanya? ... Nepaupong muli. Sino ito? Si Kamatayan na ba? Kakalawitin na kayá siya? ... Inapuhap sa likod ang kanyang sandata: dapwa't walal ... Lalong namutla ang mukha, lalong nanginig ang katawan. lalong nangatal ang mga labi ...

Nangusap ang kinatatakutan:

—“Kung ang buhay mo'y iyong pinahalagahan ay huwag kang kikiilos! ... Naunawaan mo ba?”

Isa na lamang tangon ng pagayon ang naitugon ng nanginiginig, sapagka't di maibuka ang bibig, di mabigkas ang ibig sabihin, naumid ang dila ...

Nagpatuloy si Bayani:—

"Ibig kong mabatid kung ikaw ay taga saan."

"A-a—ako po ay Amerikano", ang marahang sagot ng nangangatal.

"Ah!, amerikano!... amerikano!"—ang ulit ni Bayani na may kahalong mapait na ngiti—"At ano ang sumuot sa amerikano mong tuktok at ikaw ay nananampalasan dito?"

—"....."

"Ang akala mo ba'y sapagka't naturang kang amerikano at ang kaharap mo'y mġa kayumanggi ay maaari mo nang yurakan ang kanilang karapatan at isalusak ang kanilang karanġalan!

"Di mo na inalaalang sila ay iyong kapwa? na sila ay iyong kapantay?"

"Oh, kayong mġa dayuhang halimaw!

"Sino kayong papari-parito sa isang bayang di inyo at pag nahandito na'y walang kakalasin kundi ang pangdadahās at pagbaharihan?"

"Iyan бага ang inyong igaganti sa bayang ito na kahi ma't hirap na't tiis pa rin nang tiis, masuod lang kayo? kahi't hapo na'y hila pa rin nang hila kayo laang ay mapagbigyang loob?"

"Ah, mġa walang turing!... Mġa pusong masasakim at mapagmataās!

"Di na ninyo inisip na doon sa itaas ay may isang Diyos! Isang Diyos na nagmamasiid sa inyong mġa kilos, isang Diyos na walang kinikilingan, ang Diyos na huhukom sa inyong mġa gawā!!! ...

"May araw ring kayo'y sasayaran ng Kanyang kamay, may araw ring lalagpak sa inyong mġa ulo ang mabisang sumpā at higganting kakilakilabot ng isang Bayang dinadayā!

"Ah! mġa kahabagbabag!... saka kayo magsisisi! "

Iyan ang mġa salitang pumulas muli sa mġa labi ng bayaning binatā; mġa salitang hindi nasayang pagka't sa labas ng tindahan ay boong hayan halos ang sa kanya'y nakikinig.

Pagkaraan ng ilang sangdali ay pinatindig ni Bayani ang amerikano. "Lumabas ka, aniya, rito at humarap ka ngayon din sa hukom ng bayan."

Ang inutusan ay nakayukong tumindig, nakayukong lumabas at nakayukong sumapit

sa pinto ng Hukuman, Sinusundan siya nina Julio, Bayani, at ng maraming taong bayan.

I. A. AMADO.

(Itutuloy.)



Our Postal Service

A NECESSARY CHANGE

—o—

The Postal service has always played an important part in the progress of humanity. The histories of all progressive countries of to-day the United States, England, Germany, France and Japan—are unanimous in support of this assertion.

Different countries have different postal systems; some are better than others. But there is no country existing nor has there been one in the past whose postal system could be called perfect.

But considering the enormous benefit that the Postal Service confers upon the world, it is obvious that an effort to contrive some possible means to increase its efficiency should be made a matter of study by all those who take an interest in the prosperity and general welfare of humanity.

We venture to say that in no other place is there a more tremendous demand for such an improvement, for this increase of efficiency than here in the Philippines. In a country like this, where the people though springing from a common source are most unfortunately so geographically situated that they find themselves unable to intelligibly understand each other, except with the aid of a foreign tongue—in such a country every possible means must be utilized to strengthen more and more that all—necessary bond of union without which a people will always remain weak and helpless before the rest of the world: every possible measure should be taken, every opportunity seized and made use of to the uttermost, to spread farther and farther the mantle of concord and harmony over this once distracted and unfortunate land.

Our Postal system if properly improved can be made a powerful agent to bring this about. As it is to-day, it is not in our humble opinion the best that can be used

under present conditions. We believe that it does not now respond very adequately to the condition of this people financially and otherwise. We claim that the "two-centavo postage standard" as it may be called needs a change, and that this change should be a reduction to one centavo. To be more explicit the system should be so modified that instead of requiring two centavos to mail a letter, one ought to be enough.

Such a reduction from the people's standpoint of view is an absolute necessity. Let us see if this is true.—The largest part of our population belongs to the poor laboring class; now, most of these people do not seem to be and are not in fact very fond of making use of the mail. There are three reasons for this: first, they are not very much accustomed to it. Secondly, they do not yet see very well the benefit that can be derived from the mail. Thirdly, they still consider high the two-centavo rate of postage. Two centavos is quite a good deal for the poor man.

As a result this poor laboring class is denied unduly in the benefits from the Postal Service. The Postal Service with its two-centavos standard is not liberal enough to reach the masses of the people.

But this poor laboring class of Filipinos is what constitutes the majority of our population and therefore anything not done in its favor, any system which is followed and does not adequately answer to its needs, is against the general interest of the people as a whole and therefore it must necessarily be changed.

By this reduction the people will be greatly encouraged to avail themselves of the benefit of the Postal Service; by this reduction communication of all kinds necessary to the mutual understanding of each other in civilized society, the interchanging of ideas, thoughts and plans regarding lines of business, the diffusion of necessary knowledge among the masses of the people through circular, newspapers and otherwise—all these will be greatly increased. Thus it will tend to place the mass of our people more and more in contact with one another and with the outside world thereby broadening their minds and rendering them more and more intelligent.

(To be continued.)

Mga hatol na mahahalaga

Ang kulay ng tuyong bulaklak

Mapananatili sa mga tuyong bulaklak ang dati nilang kulay sa pamamagitan ng paraang sumusunod:

Kumita ng isang boteng lata ó kartón na may sapát na laki, at isilid sa loob ang mga bulaklak na tuyuin. Pagkuwa'y punuin ng buhangin ang bote na ano pa't matabunan ang mga bulaklak. nguni't pagingatang huwag mangagusót ó mangasira. Takpan ng papel ang bote saka ibilád sa araw ó idaráng kaya sa apoy, at sa loob ng tatlo ó apat na oras ay matutuyo ang mga buleklak na taglay din ang dati nilang kulay.

Panghinang ng bakal at patalim

Papulahin sa apoy ang mga lugal na ibig paghinangin, bago budburán ng kaunti ng pinaglahoklahok na:

Pinagkikilan ng bakal.....	500	gramos
Borax na pinulbós.....	500	,,
Resinang pinulbós....	50	,,

Pukpukín ng ilan bago lumamig ang pinaghihinang na bakal at patalim.

Pagkilala ng mabuting harina

Ang kulay ng mabuting harina ng trigo'y maputing madilaw-dilaw. Ibaón ang mga daliri sa harina at pag ito'y nanikit ay tandang yao'y mabuti. Pag nabilo at nailagay sa palad ng di sumasabog, ang harina ay bago at mabuting kalidad.

Mainam sa kahoy.

Bagaman lahat ng kahoy ay nangungurong ó nanghahaba ayon sa init ó lamig ng singaw ng panahon, nguni't hindi totoong malubhang paris ng nangyayari sa mga kahoy na gaya ng "pino americano" at palo-china.

Upang maiwasan ang gayon, ay ibabad ang kahoy ng walong araw sa tubig na hinaluan ng asín.

Kabinataan, nanġanġailanġan kayó nġ mġa sapatos na mura, mainam, yaring Pilipino at matibay?

Kadalagahan, nais niniyóng makapagsuot nġ sapatos na di pangkaraniwan at di masakit sa paa?

Kaginoohan, nagtatanong ba kayo ng sapatos na hindi nakakakalyo at hindi nagpapahirap kahit huag alisin sa paa?

Ang mga sapatos na gangganitong mura, mainam, uasto sa uso, masarap isuot at matibay; ay natatagpuan sa sapateria ni G. Lázaro Villamaria

EL ADELANTO DEL SIGLO

Sa daang Crespo 109 Kyapo, Maynila, S. P.

SOMBRERERIA SILANĠANAN

113—CARRIEDO—113

Se vende y se confecciona toda clase de Sombreros del País, especialmente Buntan, Sabután Galasiaw, Burí y otros.

Nagbibile at naghuhulma nġ kahit anong sambalilo lalo na't yaring pilipino, gaya nġ Buntan, Sabután, Baliwag, Bulí atb.

BARATURA, PRONTITUD Y ESMERO.

Madali, Mura at Marikit.

Pagsadyain at nġ Maniwala.

Sombrerería ni Gerardo H. Vicente

Tindahan n̄g sarisaring sambalilo, zapatos, corbatas, puños, barong-lalaki, atb. Halagang walang kasingmura at mainam naman sa Kapilipinuhan.

50-Carriedo-50

Ibig niniyóng makabasa n̄g sarisaring aklát na makabuluhán, makagamit n̄g papel na mura at mainam? Ang lahat n̄g itó ay matatagpuán sa libre-riang **MANILA FILATELICO** daang Soler, Sta. Cruz, Maynila, Blg 453.

S. APACÍBLE

ABOGADO

Pasig, Rizal, I. F.

RESTAURANT

LA OCEANIA

DE

E. NUESTRO

CUBIERTOS DE 40 A 50 cénts.

Dulumbayan No.

Salcedo No.

SOMBRETERIA

DE

- - N. EVANGELISTA - -

100 y 102 Carriedo, Quiapo I. F.

Se confeccionan toda clase de obras concerniente á este ramo, con prontitud y menos precio.

Kabinataan, ibig ninyó ang m̄ga sambalilong busilak sa putí, pahang nakalulugod?

Nangangailangan, kayó n̄g sambalilong mapanghaliaa?

Tun̄ghin ang

SOMBRETERIA

NI

Reynaldo P. Reyes

Daang Crespo 110-112 Kvapo

At doo'y masusumpungan ninyó ang lahat n̄g itó na pawang mura, matibay, at maayos ang pagkakagawa.

LEON VALENZUELA OLIVAR

NOTARIO PUBLICO

(Concepción) Malabón, Rizal, I. F.

Antonio F. Oliveros

DENTISTA

Carriedo 82, altos del almacén MADRILEÑA

Teléfono No. 1302.

Zapatería y Talabartería

NI

Valeriano Castillo

107 Kyapo, M.ynila.

Ramón Diokno

ABOGADO

Salinas 291, Manila, I. F.

Nangangailangan kayó n̄g maiinam na pangbangó at gamot na mabibisa?
Pagusigin niniyo' ang

BUTIKA NI F. CONCEPCIÓN

Sa Pasig, Rizal at kayo'y masisyahan.

CRISPULO ZAMORA

PROPIETARIO

PLATERO Y GRABADOR

30---Crespo---30

MEDALLAS, BOTONES, INSIGNIAS, COPAS, ORNAMENTOS DE IGLÉSIA, CALICES, BASTONES, ALHAJAS, TIMPRES DE TODAS CLASES, CARATULAS DE BRONCE COMERCIAL.

Teléfono 1032.

Manila.

FUNERARIA DE QUIAPO

No. 66 y 68

MARIANO ENRIQUEZ

Gerente.

Desde lo mas lujoso á lo mas moderno.

Dr. Sixto de los Angeles

CONSULTORIO Y CLÍNICA

Quiotan 101.

Tel. 907.

TEODORO GONZALEZ

ABOGADO Y NOTARIO PUBLICO

Concepción, Malabón, Rizal.

Paz 433, Manila I. F.

“GERMINAL”

Gran Fábrica

DE

TABACOS

y CIGARRILLOS

: Marques de Comillas N.º 4, Manila. :

**Elaboración Especial con
Tabacos escogidos y
enviados.**

**Premiada en todas
partes.**